

# ○Ano ang “KOKUMIN KENKO HOKENRYO” o National Health Insurance Premium?

## 1 .Sistema ng premium/bayad

Base sa buong halaga ng gastos sa pagpapagamot na inestima ng lokal na pamahalaan para sa isang taon, ibabawas ang bahaging babayaran ng mga ospital at subsidy galing sa pambansang pamahalaan. Ito ang buong halaga ng insurance premium o bayad. Hahatiin ito sa mga susunod na apat na kategorya at kukuwentahin ang halaga ng premium kada sambahayan sa kombinasyon ng halaga ng bawat kategorya.

Per Income Basis	Magkuwenta batay sa halaga ng kita ng sambahayan
Per Assset Basis	Magkuwenta batay sa halaga ng mga ari-arian ng sambahayan
Per Capita Basis	Magkuwenta batay sa dami ng bilang ng taong nakaseguro sa sambahayan
Household average Basis	Magkuwenta batay sa average ng sambahayan

※Ang paraan ng paggawa ng kombinasyon ay mag-iiba depende sa lokal na pamahalaan.

※Mga taong nasa edad ng 40-64 na taong gulang ay kinakailangang bayaran din ang “KAIGO HOKEN RYO” o Long Term Care Insurance Premium/Bayad sa Seguro ng Pangangalaga sa Matatanda.

## 2 .Paalaala sa pagbabayad ng NHI Premium o Bayad

- Pagkukuwenta ng premium ay isasagawa kada taong piskal.
- Ang dapat magbayad ng premium ay ang pangulo ng bawat sambahayan. (Kahit kasali sa health insurance ng pinagtatrabahuan ang pangulo ng sambahayan, kung mayroon sa sambahayan ang kasali sa NHI, ang pangulo parin ang magbabayad ng premium ng kasali sa NHI.)
- Kapag naantala ang pagsasagawa ng proseso sa pagsali, kailangang bayaran ang 100% ng halaga ng pagpapagamot at kailangan din bayaran ang mga panahong hindi nakapagbayad.
- Kapag sumali sa kalagitnaan ng taon, ang babayarang halaga sa insurance ay kinukwenta simula sa unang buwan kung kailan sumali.
- Kapag huminto sa kalagitnaan ng taon, ang halagang babayaran sa insurance ay kinukwenta hanggang sa nakaraang buwan ng paghinto.

## 3 . Paraan ng pagbabayad ng premium

Mayroong dalawang paraan ng pagbabayad ng premium. Isa ay tinatawag na “FUTSU CHOSHU” o regular na paraan sa pamamagitan ng automatic money transfer o tax payment notice. Ang iba naman ay tinatawag na “TOKUBETSU CHOSHU” o espesyal na paraan sa pamamagitan ng pensyon. Ang mga taong sumasangayon sa mga susunod na kondisyon ay maaring magbayad sa pamamagitan ng espesyal na paraan o pensyon:

- ①Mga tumatanggap ng pensyon na ang halaga ay mahigit pang 180,000 yen kada taon
- ②Kapag lahat ng kasapi sa seguro sa sambahayan ay 65 taong gulang pataas, at ang pinuno ay kasapi rin at tumatanggap ng pensyon
- ③Mga nagbabayad ng premium ng Long Term Care Insurance sa pamamagitan ng espesyal na paraan
- ④Kapag ang kabuuang halaga ng premium ng NHI at Long Term Care Insurance ay mas maliit kaysa sa kalahating halaga ng pensyon na tinatanggap.

☆Mas madali ang automatic money transfer sa pagbabayad ng premium ng NHI dahil maiiwasan nito na makalimutang magbayad. Mangyaring kumonsulta sa mga accredited na bangko ng lokal na pamahalaan.

## 4 . Kapag hindi nakapagbayad ng premium

Isasagawa ang mga susunod na hakbang sa mga sambahayang hindi nakapagbayad ng premium nang walang sapat na kadahilan. Kailangang magbayad ng premium nang maayos at sa tamang panahon.

- (1)Kapag lumagpas na sa takdang araw ng pagbabayad, makakatanggap ka ng sulat para sa abiso ng pagbabayad.
  - (2)Bibigyan ka ng “TANKI HI-HOKENSHA SHO” /Short Term Insured Card imbes na regular na Insurance Card. Ito ay maaring gamitin sa mas maikling panahon lamang at kinakailangang mas madalas i-renew.
  - (3)Kapag hindi nakapagbayad ng higit pa sa isang taon, kinakailangang isauli ang Insurance Card at bibigyan ka ng “HI-HOKENSHA SHIKAKU SHOMEISHO” /Certificate of qualification of Insurance at kinakailangang magbayad ng buong halaga sa pagpapagamot.
  - (4)Kapag umabot ng isang taon at anim na buwan ang panahon na hindi nakapagbayad, ang buo o bahagi ng benepisyo ng NHI ay mahihinto.
  - (5)Kapag patuloy pa din na hindi makapagbayad ng premium ng higit pa sa isa't kalahating taon, ikakaltas ang halagang hindi nabayaran mula sa benepisyo.
- ※May posibilidad na maaring makumpiska ang mga pinanghahawakang ari-arian bilang kabayaran.
- ※Ang “HI-HOKENSHA SHIKAKU SHOMEISHO” /Certificate of qualification of Insurance ay tanging magpapatunay na ikaw ay kwalipikado bilang kasali sa NHI, at hindi ito magagamit sa pagpapagamot, hindi katulad ng “HOKENSHO” o Insurance Card. Kapag nagpagamot sa institusyong medikal, kinakailangang magbayad muna ng buong halaga (100%) at magsumite ng aplikasyon sa Dibisyon ng NHI sa munisipyo para mabawi ang benepisyo ng NHI. Bukod dito kapag mayroon “KAIGO HOKEN DAI 2 GO HIHOKENSHA” o 2nd grade insured person sa ilalim ng Long Term Care Insurance sa sambahayan, maaring limitahan ang pagbibigay ng benepisyo ng Long Term Care Insurance.

## 5 . Kung hindi nakakaintindi ng wikang Hapon

May posibilidad na hindi ka maiintidihan at maseserbisyon sa munisipyo. Hanggat maari ay magpasama sa taong nakakaintindi ng wikang Hapon kapag pupunta sa munisipyo para sa konsultasyon at aplikasyon.

**Magbayad tayo ng premium ng NHI nang maayos at sa takdang panahon!**

